

## Saan ako makakukuha ng karagdagang impormasyon?

Bisitahin ang [sfelections.org/VoterPortal](https://sfelections.org/VoterPortal) para makita ang impormasyon sa inyong rehistrasyon, ma-access ang inyong Pamplet ng Impormasyon para sa Botante at halimbawang balota, piliin ang wika o format para sa inyong mga pang-eleksyong materyales, masubaybayan ang inyong balota, at iba pa.

## Interesado ba kayong maging manggagawa sa lugar ng botohan o sa mga oportunidad sa trabaho?

Upang mag-apply na magsilbi bilang manggagawa sa lugar ng botohan at makatanggap ng suweldong aabot sa \$240 para sa pagtulong sa mga botante sa Araw ng Eleksyon, bumisita sa [sfelections.org/PWA](https://sfelections.org/PWA) o tumawag sa (415) 554-4395.

Para makita ang kasalukuyang mga oportunidad sa trabaho sa Departamento ng mga Eleksyon, bumisita sa [sfgov.org/Jobs](https://sfgov.org/Jobs).

## May mga tanong? Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon!



English: (415) 554-4375

Español: (415) 554-4366

中文: (415) 554-4367

Filipino: (415) 554-4310

TTY: (415) 554-4386

[SFVote@sfgov.org](mailto:SFVote@sfgov.org)

[sfelections.org](https://sfelections.org)

Department of Elections  
1 Dr. Carlton B. Goodlett Pl.  
City Hall, Room 48  
San Francisco, CA 94102

    /sfelections

# Pebrero 15, 2022

## Pinagsamang Espesyal na Pangmunisipal na Eleksyon

Sa botohan man o sa koreo,

**VOTE**

mahalaga ang boto mo!

*Alinsunod sa kasalukuyang batas, awtomatikong padadalhan ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng lokal na rehistradong botante ng balota sa koreo para sa lahat ng darating na eleksyon. Maaari pa ring piliin ng sinumang botante na bumoto nang personal.*

## Kailangan ninyo pa ring magparehistro upang makaboto?

Magparehistro upang makaboto online sa [RegisterToVote.ca.gov](https://RegisterToVote.ca.gov) o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para humiling ng papel na form ng pagpaparehistro. Para makatanggap ng balota mula sa koreo, kailangan ninyong magparehistro hanggang **Enero 31, 2022**. Matapos ang petsang iyon, kailangan ninyong magparehistro at bumoto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO  
**DEPARTMENT OF ELECTIONS**

# Ano ang nasa balota?



Nakalista sa balota ng lahat ng botante sa buong lungsod ang mga recall (pagpapaalis sa katungkulan) na labanan para sa Lupon ng mga Paaralan at ang labanan para sa Assessor-Recorder (Tagatasa-Tagatala). May pagkakataon namang makaboto para sa labanan ng Miyembro ng Asembleya ng Estado ang mga botanteng naninirahan sa Distrito 17 ng Asembleya.

## Recall na Labanan para sa Lupon ng mga Paaralan

Maglalaman ang balota ng tatlong magkahiwalay na recall na labanan. Itatanong ng bawat isa na: **kung dapat bang paalisin sa katungkulan [ang miyembro ng Lupon ng mga Paaralan]?** Napupunta sa balota ang mga ganitong labanan alinsunod sa panlokal na batas na nagtatakda sa Lungsod na magsagawa ng espesyal na pangmunisipal na eleksyon matapos nitong masertipika na ang petisyon para sa recall ay may sapat na bilang ng mga balidong lagda.

Para sa bawat recall na labanan, kung mas marami sa mga botante ang pumili ng “Oo” kaysa sa “Hindi”, magtatalaga ang Mayor ng kapalit na siyang magsisilbi sa luklukan ng pinaalis na miyembro hanggang sa susunod na eleksyon.

Ayon sa panlokal na batas, maaaring makaboto para sa mga recall na labanan ng Lupon ng mga Paaralan ang ilang hindi mamamayan na residente ng San Francisco. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa [sfelections.org/NCV](https://sfelections.org/NCV) o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

## Labanan para sa Tagatasa-Tagatala

Makikita ang labanang ito sa balota dahil nabakante nang 2021 ang katungkulan ng Tagatasa-Tagatala. Gagamitin ng mga botante ang ranked-choice voting (pagbibigay ranggo sa mga napiling kandidato) para maghalal ng susunod na Tagatasa-Tagatala ng lungsod. Para sa karagdagang impormasyon ukol sa ranked-choice voting, bisitahin ang [sfelections.org/RCV](https://sfelections.org/RCV).

## Labanan para sa Miyembro ng Asembleya ng Estado Distrito 17

Makikita ang labanang ito sa balota dahil sa pagkabakante sa Asembleya ng Estado ng California nang 2021. Tanging ang mga botanteng nakatira sa Distrito 17 ng Asembleya ng Estado ang magkakaroon ng ganitong labanan sa kanilang balota. Para makita ang impormasyon ukol sa inyong distrito, puntahan ang [sfelections.org/VoterPortal](https://sfelections.org/VoterPortal).

# Paano ako makaboboto?

## 1. Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo

Bandang Enero 17, 2022, padadalhan ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng lokal na rehistradong botante ng vote-by-mail na pakete na naglalaman ng opisyal na balota, mga instruksiyon, “Bumoto Ako!” na sticker, at pambalik na sobre na bayad na ang selyo. Magagamit din ng lahat ng botante ang online na sistema ng aksesibleng vote-by-mail – na may mga balotang nababasa sa screen na akma sa mga pampersonal na aparatong pantulong – sa [sfelections.org/Access](https://sfelections.org/Access).

Gumamit man kayo ng papel o aksesibleng balota, may tatlong hakbang na kailangan ninyong kompletuhin:

	Papel na Balotang Vote-by-Mail	Aksesible na Balotang Vote-by-Mail
① Markahan ang inyong Balota	Basahin ang mga instruksiyon na naka-imprensa sa inyong balota bago kayo gumawa ng mga pagpili.	Pumunta sa <a href="https://sfelections.org/Access">sfelections.org/Access</a> para ma-access ang inyong balota at basahin ang mga online na instruksiyon bago kayo gumawa ng mga pagpili.
② Ihanda ang inyong Sobre	Alisin ang resibo mula sa itaas ng inyong balota at ipasok ang balota sa loob ng pambalik na sobre. Kompletuhin at pirmahan ang seksyon para sa botante ng sobre, at isara ito nang mabuti.	I-print ang inyong balota at ipasok ito sa pambalik na sobre. Kompletuhin at pirmahan ang seksyon para sa botante ng sobre, at isara ito nang mabuti.
③ Ibalik ang inyong Balota	Para mabilang, kailangang malagyan ng postmark nang hindi lalagpas sa Araw ng Eleksyon, Pebrero 15, ang mga balotang ibabalik <a href="https://sfelections.org/BallotDropOff">sa pamamagitan ng koreo</a> . Tiyakin ang mga oras ng koleksyon kung ipadadala ninyo sa koreo ang inyong balota sa Araw ng Eleksyon. Para mabilang, ang mga balotang ibabalik <a href="https://sfelections.org/BallotDropOff">nang personal</a> ay kailangan namang maihatid sa opisyal na kahon na hulugan ng balota o sa lugar ng botohan hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Pebrero 15.	



Pinalawak ang mga opsyon sa paghuhulog ng balota simula sa eleksyong ito! Magkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng 34 na opisyal na kahon na hulugan ng balota sa buong San Francisco. Magbubukas nang 24 oras araw-araw ang mga kahong ito mula Enero 18 hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Pebrero 15. Para sa mga lokasyon, bumisita sa [sfelections.org/BallotDropOff](https://sfelections.org/BallotDropOff).

## 2. Bumoto nang Maaga sa City Hall

Magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa lahat ng mga taga-San Francisco na nais magparehistro upang makaboto, o bumoto nang personal, makagamit ng aksesibleng kagamitan sa pagboto, makatanggap ng personal na tulong, o magbalik ng kanilang balota:

- Lunes-Biyernes, mula Enero 18 hanggang Pebrero 14, mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Huling dalawang Sabado at Linggo, Pebrero 5-6 at Pebrero 12-13, mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Sa Araw ng Eleksyon, Martes, Pebrero 15, mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

## 3. Bumoto sa Inyong Lugar ng Botohan

Sa Araw ng Eleksyon, Martes, Pebrero 15, magbubukas nang 7 a.m. hanggang 8 p.m. ang mahigit 300 na lugar ng botohan para sa pagboto nang personal at mga serbisyo sa paghuhulog ng balota. Naka-imprensa sa likod na pabalat ng inyong Pamplet para sa Impormasyon ng Botante (ipadadala sa Enero) ang address ng itinalaga para sa inyong lugar ng botohan, pati na rin ang impormasyon ukol sa aksesibilidad ng lugar. Pumunta lamang sa [sfelections.org/MyVotingLocation](https://sfelections.org/MyVotingLocation) para mahanap ang itinalaga para sa inyong lugar ng botohan.